



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-11 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 28 MARSO 2011, IKA-9.30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Konsehal Mae Arlene M. Talens - Tagupungulo
Konschal Juanito A. Dacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Elsie F. Galaran
Konsehal Arnel F. Fabon
Konschal Cesar T. Baticos
Konschal Lee M. Baculinao
Konschal Juan S. Advincula
Konschal Mary Jennie Leigh Q. Sarmiento - MSKF President

Absent:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis
Konschal Camilo G. Ferreira - Pangulo, Liga ng mga Barangay

KAPASYAHAN BLG. 023
Taong 2011

*KAPASYAHAN NG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KAY KONSEHAL
JUAN S. ADVINCULA, MGA KAPATID AT MGA KAAKAP
SA PAGPANAW NG KANYANG MINAMAHAL NA INA, GNG.
ELEODORA SALMORIN ADVINCULA.*

SAPAGKA'T sa kulturang Pilipino, ang pamilya ay simbolo ng pagkakaisa at pagdadamay ng lahat ng bumubuo nito sa kasaganaan man o kahirapan;

SAPAGKA'T sa kaisipang ito, ang pagpanaw ng isang miyembro ng pamilya, lalo pa't ng isang ina ay lubhang dinaramdam at ikinalulungkot ng mga anak at kamak nito;

SAPAGKA'T ang ina ang maituturing na pinakadakilang nilikha ng Diyos na pinagtiwalaan ng mahigat na tungkulin at responsibilidad mula sa pagdadala ng sanggol sa sinapupunan hanggang sa pagluluwal at pag-aruga sa paglaki nito;

SAPAGKA'T ang minamahal na ina ni Konschal Juan S. Advincula, sa kanyang karandaan ay humarap na sa Lumikha at bagama't ito ay lubos nilang ikinalulungkot, naiwan naman ay mga alaala ng isang mapagmahal, mapag-aruga at mapagkandiling ina;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas at ang mga mamamuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay kay Konschal Juan S.

mskfm

Advincula, sa kanyang mga kapatid at mga kaanak sa pagpanaw ng kanilang
muhul na ina, Gng. Eleodora Salmorin Advincula

DAHIL DITO, sa magkakaisang mungkahi ng lahat —

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot kay Konsehal Juan S. Advincula, mga
kapatid at mga kaanak ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng
Sangguniang Bayang ito at ng mga namumuno at mga kawani ng
pamahalaang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa pagpanaw ng kanilang
ina, Gng. Eleodora Salmorin Advincula.

IPINASYA RIN na ipadala ng sipi ng kapasyuhang ito kay Konsehal Juan S. Advincula, sa
mga kapatid at mga kaanak nito lakip ang tauspusong pakikiramay at
pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat : 28 Marso 2011

PINATUTUNAYANG WASTO:

for: Taffina
FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

M. Arlene M. Talens
MAE ARLENE M. TALENS
Konsehal/Pansamantalang Tagapangulo